

Wikang Filipino: Wikang Mapagbangon

The Filipino Language: A Language of Resilience

Maria Fe G. Hicana

Philippine Normal University, Manila, The Philippines

Date Submitted: April 12, 2024
Date Revised: June 24, 2024

Originality: 84%
Plagiarism Detection: Passed

ABSTRAK

Ang papel na ito ay binasa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika ng Komisyon sa Wikang Filipino noong 2023. Minodipika ang ilang bahagi upang umayon sa pormat ng Sourcebook. Sa bahaging ito, dinalumat sa pamamagitan ng analohiya ang estado ng wikang Filipino mula simula hanggang sa pagbangon pagkatapos ng pandemya sa apat na dimensiyon: politikal, kultural, sosyal, at sikolohikal. Ukol sa kaliwanagan ng wikang Filipino, inilad ang epistemolohiyang kalikasan nito sa ikalawang bahagi ng papel. Binalangkas ang talakay sa pamamagitan ng tatsulok at pinatungan ng baligtad na tatsulok. Inilatag ang limang *premise*: (1) Wika bilang Instrumento at Pamamahagi ng Kaalaman, (2) Pagsusuri at Interpretasyon, (3) Konstruksyon ng Katotohanan, (4) Pag-usbong ng Diskurso, at (5) Sosyal na Konteksto. Panghuli, ay dinalumat ang praksis (praxis) ng wikang Filipino bilang wikang mapagbangon sa bagong kadawyan. Tinahip ang dalawang praksis. Una, binigyang-diin ang husay ng wika ay nasa taong gumagamit nito. Sumunod, ang wika ay may katutubong kakayahan. Sa madaling salita, ang kalayaan ng ating wika ay nakasalalay sa ating mga taong gumagamit. Sa pamtawan ng papel na ito, nilagom ang wikang Filipino bilang isang wikang mapagbangon na nagdaan sa mga hamon ng kasaysayan at patuloy na lumalago. Isang malaking patunay nating mga Pilipino na ang ating lakas at katatagan ay hindi matitinag lalo na sa pagmamahal sa ating kultura at pagkakakilanlan. Bilang panawagan, maniwala sana tayo na sa pagkilala at pagsasabuhay sa kapangyarihan ng ating wikang pambansa ay pinapahalagahan natin ang mayamang kasaysayan ng ating bansa.

Susing Salita: *wikang Filipino, wikang mapagbangon, epistemolohiya, premise, praxis*

ABSTRACT

This paper was presented during the celebration of the Filipino Language Month by the Komisyon sa Wikang Filipino in 2023. Some parts have been modified to conform to the Sourcebook format. In this section, the state of the Filipino language from its inception to its resurgence after the pandemic is analogically discussed in four dimensions: political, cultural, social, and psychological. Regarding the clarity of the Filipino language, its epistemological nature is expounded in the second part of the paper. The discussion is structured using triangle and inverted triangle. Five premises are outlined: (1) Language as an Instrument and Distributor of Knowledge, (2) Analysis and Interpretation, (3) Construction of Truth, (4) Emergence of Discourse, and (5) Social Context. Lastly, the praxis of the Filipino language as a language of resurgence in the new normal is discussed. Two praxis are examined. First, emphasis is placed on the proficiency of the language lying within its users. Second, the language possesses inherent capabilities. In essence, the freedom of our language depends on its users. In conclusion, the Filipino language is summarized as a language of resilience that has overcome the challenges of history and continues to thrive. It is a significant proof of our Filipino resilience and strength, especially in our love for our culture and


identity. As a call to action, let us believe that by recognizing and embodying the power of our national language, we value the rich history of our country.

Keywords: *Filipino language, language of resilience, epistemology, premise, praxis*

INTRODUKSIYON

May tatlong layunin ang talakay sa papel na ito. Una, matalakay ang papel ng wikang Filipino mula simula hanggang sa pagbangon pagkatapos ng pandemya (*post pandemic recovery*) sa dimensiyong politikal, kultural, sosyal, at sikolohikal sa pamamagitan ng analohiya. Pangalawa, mailahad ang epistemolohiyang kalikasan ng wikang Filipino. Panghuli, madalumat ang praxis ng wikang Filipino bilang wikang mapagbangon sa bagong kadawyan.

Inilahad sa konseptwal na balangkas ang unang layunin. Ang pandemya ay sanhi ng *pathogen* ngunit nararanasan bilang isang sosyal, kultural, politikal, at sikolohikal na kaganapan. Dahil dito, maaari itong tumindi o medyo humina nang malaya sa kung ano ang kayang gawin ng *virus*.



Larawan 1: Analohiya ng Wikang Filipino sa Pandemya

Alinsunod nito, maipapakita ito sa analohiya: ang danas ng *corona virus* sa ating pambansang wika. Magandang balikan sa dahon ng ating kasaysayan ang pagtataguyod ng ating wikang pambansa mula sa ating konstitusyon simula sa taong 1935 hanggang sa kasalukuyan. Unahin natin ang **dimensiyong politikal**. Alam nating lahat, lalo na ang mga nag-aral ng wikang

Filipino ang tungkol sa mga panahon ng sigwa na dinanas ng pagkakatatag ng ating wikang pambansa. Tila ba malalaking alon na umaalimpuyo sa dagat na naghahanap ng kapayapaan ngunit patuloy na pumapaimbulog ang dagundong ng nag-uumigpaw na katotohanang ang daluyong ng pagkakaroon ng wikang pambansa tungo sa matatag na bansa. Halos mag-iisandaang taon na ang danas pangkasaysayan ng ating pambansang wika. Mula sa walang katapusang balitaktakan ng mga mambabatas, dalubwika, at pangulo ng bansa ang nakisangkot sa pagkakaroon ng ating wikang pambansa hanggang sa kasalukuyan. Sipating muli ang kasaysayan ng ating wika. Simula pa 1896 ay nagtalaga na ang saligang batas ng Biak na Bato na wikang Tagalog ang magiging opisyal na wika ng Pilipinas. Nilinaw na may opisyal na wika ang ating bansa. Ngunit pagkalipas lamang ng limang taon, ipinatupad ng Komisyon ng Pilipinas (Philippine Commission), Batas 74 na ang wikang Ingles ang magiging wikang pambansa at gagamitin sa mga paaralan. Dahil hindi maaaring ipilit ang wika, taong 1931, ipinatupad mismo ng Amerikanong Kalihim na si George Butte na gamitin ang mga wikang bernakular sa pagtuturo sa primaryang antas. Sa proseso ng pagbuo ng tadhanang pangwika ng 1935 Konstitusyon ay nagsagawa ng mga pagdinig sa publiko at mga pag-aaral ang lupong pangwika ng 1934 Kumbensiyong Konstitusyonal. Iminungkahi ng lupon na pagtibayin ng Kumbensiyon ang probisyong pangwika na magdedeclarang ang wikang pambansa ay ibabatay sa isang katutubong wika. Labanan ito ng puwersa ng mga makapangyarihan, naghaharing-uri, at mga byurukrat. Umiral dito ang **dimensiyong kultural** kung kanino ibabatay ang pagkakaroon ng pambansang wika. Naging karanasan ng dating pangulong Quezon ang kahirapan sa pakikipag-usap sa mga Pilipino sa buong bansa sapagkat kinakailangan pa niya ng tagasalin/*translator* para lang maintindihan niya

ang kausap o siya ang maintindihan. Nais niyang mapanatili ang **ugnayang-sosyal** kaya marubdob ang kaniyang hangarin na magkaroon ng pambansang wika na mag-uugnay sa ating lahat. Pinagtibay ni dating Pangulong Manuel Quezon ang nabanggit na rekomendasyon sa pamamagitan ng Atas Tagapagpaganap Blg. 134 noong 30 Disyembre 1937. Naging masigla ang pagsuong ng isang Wikang Pambansa batay sa Tagalog noong dekada 40 hanggang dekada 50—nailathala ang ortograpiya, gramatika, at diksiyonaryo para sa wikang ito. Sa bisa ng Atas Pangkagawaran noong 13 Agosto 1959 ni Kalihim Jose E. Romero ay tinawag na “Pilipino” ang wikang pambansa. Nasaklaw ng kaganapang ito ang usaping politikal, kultural, at sosyal na dimensiyon. Paris ng alam na ng marami sa atin, ang kilusan para sa pambansang wika sa Pilipinas ay nagkaroon na naman ng isang napakapraktikal na problema. Malinaw na ipinakita ito ng probisyon tungkol sa wikang pambansa sa bagong Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas na inaprubahan ng ConCon noong 30 Nobyembre 1972. Ganito ang sinasabi ng probisyong ito:

[Ang Nasyonal Asembli ay gagawa ng mga hakbang tungo sa pagdebelop at pormal na pag-adap ng panlahat na wikang pambansa na kikalalanan ng Filipino.

(Art. XV, Sek. 3., Par. (2))]

Base sa probisyong ito, masasabing hindi na Pilipino ang wikang pambansa ng Pilipinas pagkatapos ng ratipikasyon ng bagong Konstitusyon—magiging Filipino na ang wikang pambansa ng Pilipinas. Gayunman, nayanig ang wikang “Pilipino” nang ihain ni Kongresista Inocencio Ferrer ng Negros ang isang kaso laban sa pinalalaganap na wika ng National Language Institute (NLI) at iba pang ahensiya ng pamahalaan noong 8 Pebrero 1963 sa Court of First Instance ng Maynila. Ipinawalang-bisa ng Court of First Instance, Korte sa Apelasyon at Korte Suprema ang kaso subalit naging pagkakataon ito upang umani ng batikos ang wikang Pilipino sa mga di-Tagalog dahil hindi ito ganap na kumakatawan sa kanila. Pagkaraan pa, sa probisyong pangwika ng 1987 Konstitusyon, ganap nang binura ang wikang “Pilipino” at iniluklok ang isang wikang “Filipino” na payayamanin at pauunlarin batay


sa mga katutubong wika sa Pilipinas. Itinampok ang **dimensiyong sikolohikal** sapagkat ito ay may bahid ng usapin ng pagkakakilanlan na hindi lamang nakabatay sa iilang mamamayan kundi dapat kumatawan sa lahat ng mamamayan ng Pilipinas. “Tulad ng maraming wika, dumaratng ang panahong yayanigin at paguguhuin ang mga naitatag na kaayusan ng isang wika. At ang pagyanig at pagguhong ito ay lumalampas sa hangganan ng wika—kung hindi matutugunan, magiging banta ito sa lehitimidad ng Estadong kinakatawan ng wikang ito at magiging panganib sa soberaniyang pambansa.” Ito ang mga katagang nasa talakay ni Almario, 2015 (*nasa Sourcebook*). Ang analohiya nito sa *corona virus* ay malinaw – kahit gaano kalakas ang iyong pisikal na pangangatawan darating sa puntong madadapuan ka ng *virus* nang hindi mo namamalayan sapagkat *asymptomatic* ito at hindi lamang litaw ang mga sintomas nito. Payayanigin nito ang tibay ng ating paniniwala na kaya nitong malagpasan, kayang dalhin ng ating isip ngunit bumibigay ang ating katawang lupa. Anuman ang sabihin, ang kasalukuyang kalagayan ng isang wika ay duluhan ng sariling kalagayan na nagsimula ng pagkabuhay na mahabang panahon. Sa ibang salita, ang lahat ng wika ay may pinagmulan at may pinanggalingan. “Ang katangian ng pinagmulan at pinanggalingan ay mananatiling katutubo at tampok na katangian sa kasalukuyang kalagayan, kahit ilang libong taon at patong-patong nang salinlahi ang nagbaon sa pamulaan,”- ayon kay Panganiban (1970) (*nasa Sourcebook*). Sa kabuuan, masasalamin ang wikang Filipino bilang wikang mapagbangon hanggang sa kasalukuyang danas ng pandemya.

Sa webinar na ibinahagi ng Oxford Languages sa talakay nina Salazar at Deang (2023), inisa-isa nila ang mga salitang umiral sa panahon ng pandemya, kung paano isinagawa ang pagsasalin ng bawat bansa. May pamagat ang kanilang pag-aaral na “Major Health Crises and the OED: Language Evolution and Challenges in Health Communication” na nakatuon sa pagsusuri ng ebolusyon ng wika sa konteksto ng malalaking krisis sa kalusugan, gamit ang Oxford English Dictionary (OED) bilang pangunahing sanggunian. Tinitingnan sa kanilang pag-aaral kung paano nagkakaroon ng

ebolusyon sa terminolohiya at paano ito nakakaapekto sa pag-unawa ng publiko sa mga isyung pangkalusugan. Lumitaw sa kanilang pag-aaral kung paanong ang mga termino na kaugnay sa mga health crises ay umuunlad at paano ito nagbago sa kahulugan at gamit sa konteksto ng komunikasyon sa kalusugan. Ang mga bagong terminong ito sa wika ay nagiging sanhi ng kalituhan o hindi pagkakaintindihan ng publiko lalo na ng mga propesyonal sa larangan ng kalusugan. Ang mga terminong umiral sa panahon ng pandemya ay nagpapahayag ng mga pangangailangan sa pag-unawa sa kalusugan sa kasalukuyang panahon. Sa kabuoan, ang pag-aaral nina Salazar at Deang ay naglayong masusing pag-aralan kung paano nagbabago ang wika sa konteksto ng malalaking krisis sa kalusugan at kung paano ito nagiging bahagi ng mga hamon at solusyon komunikasyong pangkalusugan. Naglulundo ang pag-aaral para sa mas epektibong komunikasyon sa kalusugan, pagbuo ng mas malinaw na terminolohiya, at pag-iwas sa mga potensyal na misinterpretasyon na maaaring magdulot ng problema sa pagpapakalat ng mahahalagang impormasyon sa usapin ng kalusugan. Sa isang banda, natuhog ng kanilang pag-aaral ang apat na dimensiyon: politikal, sosyal, kultural, at sikolohikal. Ang kanilang pag-aaral sa usaping sosyal ay nakasalalay sa mga terminong umiral sa panahon ng pandemya kung paaanong naging bahagi ito ng bokabularyo ng mga tao sa bawat bansa kada araw. Politikal sapagkat naiiba ang pakahulugan sa mga salitang medikal sa pagdatal ng panahon. Kultural ito sa aspektong pagpapakahulugan o pagsasalin sa mga terminong umiral sa panahon ng pandemya batay sa konteksto ng bawat bansa. Sikolohikal sapagkat kinakailanagn ng kaalaman ng pinagkakatiwalaang tao sa bawat komunidad upang maipasa ang mga bagong salita na umiral sa panahon ng pandemya na may malaking epekto sa kanilang kalusugan upang mapaniwalaan.

Nais pang palawigin ang talakay sa paglalahad ng epistemolohiyang kalikasan ng wikang Filipino bilang pangalawang layunin ng talakay sa papel na ito. Binalangkas ang talakay sa pamamagitan ng tatsulok at pinatungan ng baligtad na tatsulok. Sa unang sipat ay mukha na itong bituin. Ang epistemolohiyang kalikasan ng

wika (EKW) ay tumutukoy sa pag-aaral kung paano natin naiintindihan at naakses ang kaalaman sa pamamagitan ng wika. Ito'y isang malalim na pagsusuri sa kung paano ang wika ay naglalarawan, nakikilala, at nagpapakita ng mga kaisipan, ideya, at impormasyon.



Larawan 2. Epistemolohiyang Kalikasan ng Wikang Filipino

Upang maipaliwanag ang konseptong ito, nararapat na unawain ang sumusunod na *premise*: **(1) Wika bilang Instrumento at Pamamahagi ng Kaalaman:** Ang wika ay hindi lamang isang paraan ng komunikasyon, kundi isa ring instrumento ng pag-aangkop ng kaalaman. Ito ang pangunahing paraan kung paano natin nailalabas ang ating mga ideya, karanasan, at pagsusuri sa mundo. Hindi lahat ng komunikasyon ay wika. Tulad ng sa mga hayop. May kakayahan lang silang ipaalam ang nangyayari ngunit hindi nila kayang magpasa ng impormasyon. Hindi tulad ng mga tao na sa pamamagitan ng wika ay maipapabatid ang darating na sakuna. Halimbawa, magbahagi ng kaalaman kahit hindi pa naman natin ito naranasan (Castro, 2020). Dito papasok ang kahalagahan ng panulat. Ang paggamit ng wika ay nagbibigay-daan sa pagpapalitan ng kaalaman sa pagitan ng mga tao. Ipinapakita nito kung paano ang mga indibidwal ay nagkakaroon ng mas malalim na kaalaman sa pamamagitan ng

pakikipagtalastasan at pagbabahagi ng kanilang mga karanasan. Ayon kay Dr. Zeus Salazar (1996), “wika ang impukan-kuhanan ng isang kultura. Ito ang batis-ipunan at salukan ng kaisipan ng isang kultura.” Nabigyang-buhay ang mga katagang ito sa panahon ng pandemya. Umigpaw ang mga kaisipang sinalok at naging batis-ipunan na danas nating mga Pilipino sa kakaibang digmaang ating kinakaharap sa kasalukuyan. Lalong napatotohanan ang mga ito sa mga pahayag mula sa diksyonaryo ng Oxford English: “Great social change brings great linguistic change.” Hindi mapapasubalian na maraming leksikon ang nadagdag sa ating bokabularyo. Aminin man natin o hindi naging pang-araw-araw na putahe ang mga ito sa ating hapag. Nagsilbing panghimagas kahit busog na ang ating sikmura at hitik na ang ating bituka sa palagiang balita. Kaya naman, napaglaruan ng mga *meme* ang ganitong kalagayan. Ilan sa mga halimbawa nito ay ang pagbibigay ng acrostic ang WUHAN, minaliit ng mga Tiktoker ang Covid, anila ito ay isang bernekey na mahinang nilalang. At isang *virus* lang na kayang labanan ng mga Pinoy, at may humirit pa na *meme* na ipakalat ang pag-ibig at hindi ang *virus*. Madadalumat sa mga *meme* na ito ang papel ng wika sa pagharap sa krisis. Digmaang hindi nakikita ang *virus*. Mabilis na kumalat at inimprensa ang mga pahayag na “Covid ka lang Pinoy kami” tila ba binibigyang-diin ang katatagan nating mga Pilipino sa kabila ng pandemya. Ngunit may isyung politikal ang nakapaloob dito. Usapin ito kung kaninong kapangyarihang ng kultura ang dapat na mananaig, kung kaninong suhay ang matatag, at kung kaninong normatibong pamantayan ang dapat sundin. Dagdag pa sa palaisipan kung sino ang dapat na tumayong kinatawan ng iba pang kinatawan; kung kanino at sinong ekspresibong kultura ang dapat na itampok na tila ba kolonyal na parametro; kung kaninong kasaysayan o identidad ang dapat na ikarantal. Balikan ang lagyanap na usapin sa pagpaplanong pangwika

noong dekada 60. Si Einar Haugen ang isa sa mga unang tumalakay sa konsepto nito at pinakahulugan niya itong: “Language change by conscious deliberation.” Samakatuwid, ang wika ay tumutugon sa mga inaasahang pagbabago sa hinaharap. May dating normal at bagong normal. May pagpapalaganap at may pagsupil. May pag-igpaw at may pagbalikwas. Kung kaya usapin sa pagpaplanong wika kung sino ang tagapagbago, ano ang binabago, bakit at kailan binabago, at paano.

(2) **Pagsusuri at Interpretasyon:** Sa epistemolohiyang kalikasan ng wika, ang pag-aaral ay nauukit sa kung paano natin naiintindihan at inaalang ang mga konsepto gamit ang wika. Ang bawat salita ay may iba't ibang kahulugan batay sa konteksto at karanasan ng tagapagsalita. Dito papasok ang di-berbal na komunikasyon. Suriin din kung paano ginamit ang wika sa panahon ng pandemya. Naging instrumento ang wikang Filipino bilang direktiba upang magpakalat ng balita sa mga dapat sundin, mga ordinansa, tulad ng *curfew*, pagsusuot ng *face mask* at *face shield*, *social distancing* at iba pa bilang *catalyst* ng pagdidisiplina sa mga mamamayan, parusa sa mga pasaway, at hindi sinasadyang sumuway. Siyempre pa, ginamit ang wikang Filipino bilang ekspresib o malayang pagpapahayag ng damdamin matapos makatanggap at hindi maabot ng ayuda, dalamhati ng mga namatayan, danas sa iba't ibang level ng mga na-Covid at naka-*survive*. Pagpapahayag ng galit, inis, asar dahil sa paiba-ibang patakarang may kinikilingan, hinaing sa napakahabang pila at pagdating sa oras para bumili na ay ubos na, paglilimita sa bilang lamang ng produkto na dapat bilhin. Politikal na tunggalian sa mga nagpapatupad at nasasakupan nito. Maisasaalang-alang sa domeyn na ito ang usapin ng kakayahang komunikatibo. Inilatag ang ginawang pag-aaral ni Hsu (2011) na isinalin na lamang sa Filipino. Narito ang talahanayan:

Talahanayan 1: Indikeytor ng mga Aspekto ng Kakayahang Komunikatibo Hsu (2011)

Uri/Aspekto ng Kakayahang Komunikatibo	Mga Indikeytor
1. Gramatikal	
a. Ponolohiya	<ul style="list-style-type: none"> - Naglalarawan ng pagkakatulad at pagkakaiba ng pasalitang uri ng wikang Tagalog/Filipino - Nakakikilala ng mga anyong patunog/pasulat o pinantig na salita - Nakagagamit ng angkop na diin/bigkas ng salita - Angkop na nabibigkas ang mga salita - Nakauunawa ng ugnayan ng mga tunog upang bumuo ng isang salita
b. Leksikon	<ul style="list-style-type: none"> - Nakakikilala ng mga salita at ang anyo nito - Nakakikilala ng palabuoan ng salita - Nakapagpapaliwanag ng mga ginamit na salita, tono, at intonasyon
c. Morpolohiya	<ul style="list-style-type: none"> - Nakapaglalarawan ng gamit ng wika, bahagi ng pananalita at ang tungkulin nito - Nakikilala ang m - ga salitang ugat at mga panlapi - Naipaliliwanag ang mga bahagi ng pananalita at ang mga uri nito - Nakapagpapaliwanag ng kahulugan ng salita/parirala mula sa teksto - Nagpapakita ng kamalayan sa kahulugan ng salita na nakakaapekto sa mensahe ng teksto
d. Sintaksis	<ul style="list-style-type: none"> - Nakabubuo ng pangungusap na may pagsasaalang-alang sa semantika o kahulugan ng salita - Nakikilala ang mga bahagi ng pangungusap - Nakaklasipika ang mga salitang bumubuo sa pangungusap at ang gampanin nito - Nakikilala ang prosesong sintaktika sa mga pangungusap na hugnayan - Nakikilala ang pasalaysay, palarawan at palahad na kayarian ng pangungusap
2. Sosyolingguwistik	<ul style="list-style-type: none"> - Naipapahayag ang sarili sa iba't ibang sitwasyon: pagbati, paghingi ngpaumanhin, paghiling, mensahe, patalastas, pagkukuwento, paggamit ng magagalang na pananalita, paglalarawan, pagbati at pag-iimbita - Nakapipili ng angkop na berbal at di-berbal na komunikasyon sa iba't ibang sitwasyon - Maayos na nakikisalamuha sa mga sitwasyong pangkomunikasyon - Mabisang nakapag-aambag sa mga pangkatang-gawain sa klase - Nakapagtatag nang mahusay na pakikisalamuha sa iba at napananatili ang komunikasyon sa mga kaibigan - Gumagamit ng magagalang na pananalita na nagpapakita ng paggalang sa kaibahan ng bawat isa
3. Estratedyik	<ul style="list-style-type: none"> - Matatas na nakapagpapahayag sa hinihinging sitwasyon gamit ang berbal at di-berbal na pahayag - Nakagagamit ng angkop na tono, kilos ng katawan, at kumpas sa pagpapahayag Napahalalagan ang tuntunin ng pasalitang interaksyon- pagpapalitan, angkop na tono sa pakikipag-usap, kilos ng katawan at kumpas - Nakagagamit ng paghahawig kung kinakailangan

-
- 4. Dikurso**
- Nakasusulat ng teksto na may simula, gitna, at wakas
 - Nakabubuo ng balangkas ng pagsasalaysay at maikling pasulat na pagpapahayag batay sa pagkakasunod-sunod ng pangyayari
 - Nakagagamit ng angkop na pang-ugnay o pangatnig
 - Naipaliliwanag ang kahulugan ng matatalinghagang pahayag
 - Nakapagbibigay ng tanong, hiling, opinion, at napapangatuwiranang kaisipan
 - Nakikilala ang mga elementong biswal, awdiyo at di-berbal na ginagamit sa pagsasalita
 - Namamasid ang mga di-berbal na mensahe gaya ng mga mapa, ilustrasyon larawan at grap
-

(3) Konstruksyon ng Katotohanan: Ang wika ay naglalarawan ng kung paano tayo bumubuo ng mga paniniwala at katotohanan. Ipinapakita nito kung paano ang mga salita ay maaaring magdulot ng pagbabago sa ating pag-unawa sa mundo, sa pamamagitan ng pagsasalita ng mga bagong ideya at konsepto. Usapin din ito ng misimpormasyon at disimpormasyon. Halimbawa, mapanlinlang na sabihing ang Pilipinas lamang ang bukod-tanging Kristiyanong bansa sa Asya sapagkat mga Katoliko ang naninirahan sa East Timor at ilang Indiano. Marami ring lisyang sa ating mga pambansang simbolo, tulad ng barong Tagalog, para sa mga nakamalong o nakabahag, limitasyon ang sagisag na ito. Kalabaw ang pambansang hayop ngunit dapat isaalang-alang na hindi lahat ay lipunang agrikultural sa ating bansa. Pambansang bahay ang kubo ngunit hindi naman bahay-kubo ang tipikal na bahay sa ating bansa. Tamang sabihin na simbolo o sagisag ng ating bansa ang ilan sa binanggit ngunit isipin din natin kung kumakatawan nga ba sa nakararami ang mga ito o sa ilang lamang. Dapat tayong maging malay at sensitibo upang walang maiwan sa laylayan. Mahalaga ang paggalang sa mga wika at kultura sa ating bansa. Tingnan natin kung paano ginamit ang wikang Filipino bilang konstruksyon ng katotohanan sa panahon ng pandemya. Ginamit ang wikang Filipino sa panahon ng pandemya batay sa iba't ibang gamit bilang komunikasyon. Itinampok ang mga gamit ng wika bilang impormatibo dahil sa pagpapalaganap ng impormasyon, pinangunahan ito ng Kagawaran ng Kalusugan (DOH). Halos araw-araw ay ipinabatid sa publiko kung gaano na karami ang may *covid*, ilan ang nahawa hanggang sa pag-uulat ng kung ano-anong *variant* ng *covid*. Hindi maitatatawa ang iba't

ibang uri din ng mga bakuna. Halaga ng pagbibigay-puwang sa mga tinig sa mga wika para mas maging kritikal. Isinaalang-alang halimbawa kung anong bakuna ang higit na mas mabisa. Gayundin kung may masamang epekto ba kung magkaibang bakuna ang itinurok sa atin sa una at ikalawang turok o *second dose*. Ang pag-aalinlangan na kahit nagpa-*booster shot* na ay may mga nahahawa pa rin. Ang palagay kung bakit may mga *variant* tulad ng *Omicron*, o kung bakit may mga bansang ayaw sumunod sa mga *health protocol*. Anupa't sa halip na gumamit ng paglalalahat, dapat isaalang-alang ang *intricacy* ng realidad sa pamamagitan ng paglubog sa kasaysayan at pagkalap ng kasaysayan. Kung gayon, isang politikal na katanungan ang iral kung kaninong pagpapakahulugan ang dapat umiral at kung kaninong tinig ang dapat mananaig.

Dagdag pa sa palaisipan na dapat pag-isipan ay ang mga *premise* na ito:

1. Kailan natin masasabing may kamalayan tayo sa wika?
2. At kung mayroon man, ito ba'y nangangahulugang malaya na tayo?

Sa unang *premise*, ang kamalayan sa wika ay hindi lamang sa antas ng depinasyon ng wika; bagkus ang paggamit nito sa iskolarling pahayag at sa iba't ibang larang. Lampas ito sa nakasaad sa Saligang Batas. Hindi natin makakamit ang tunay na sariling kamalayan kung patuloy tayong walang kakayahang makipag-ugnayan sa sariling nating mga kababayan, ang ugnayan sa mamamayang nanawagan ng pagbabago. At upang alamin kung may kamalayan nga ba tayo sa wika, suriin natin ang ating sarili sapagkat tayo lamang ang higit na may kaalaman sa kasagutan ng tanong na ito. Para sa kaliwanagan ng

ikalawang *premise*, kung mayroon man tayong kamalayan sa wika, ito ba ay nangangahulugan ng kalayaan? Ito ay maglulundo sa katanungang “Masasabi ba nating tayo’y malaya na?” Tanggapin man natin o hindi, tayo, bilang isang bansa ay hindi pa tunay na malaya. Ang ating pag-iisip at kultura, bagaman may katutubong ugat, ay nakatali pa rin sa dayuhang kultura – talamak sa pagkakolonyal ang ating isipan at adhikain. Kaya nga tinagurian din tayong “*melting pot*” sa Timog Silangang Asya (South East Asia). Halimbawa, makikita sa ilang bahay na kahit pinagtaksilan na ng panahon o *expired* na ang isang de-lata ay naka-*display* pa rin ang mga ito sa isang bahay, kahit hindi bagay ang kasuotan na ginaya sa mga dayuhan ay ipinagmamalaki pa rin ito kahit na nakakabulol ang tatak-dayuhan. Bihira nating mababasa ang mga tatak na “Bebang,” “Kurdapya,” “Juan” at iba pang tunog – Pinoy. Bago dumating si Goethe, mahusay lamang ang Aleman para sa barbarians. Anumang wika ay imbakan ng karunungan. Samakatuwid, ang husay ng wika ay nasa taong gumagamit nito. Sabi ni Sun Tzu, “ang pinakamagaling na heneral ang nagwawagi sa digma nang walang madugong labanan. Ang totoo hindi na natin kailangang makipag-away upang magtagumpay.” Hindi na natin kailangang makipag-away sa Ingles dahil hindi ito usapin ng pamamayani ng wika. Hindi kailangang pag-awayin ang Ingles at Filipino dahil kailangan ang Ingles para sa usapin ng globalisasyon at internasyonalisasyon. Lalong kailangan ang Ingles sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino kaya hindi dapat pagsabungin ang mga ito dahil walang lohika. Ang punto sa kasalukuyan at dapat isulong ay ang intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. Ngunit bago pa man sumapit sa antas ng intelektuwalisasyon ay kaalinsabay nito ang usapin ng estandardisasyon, elaborasyon, at modernisasyon ng wikang Filipino. Pumapaimbulog ang lahat ng usaping nabanggit sa pagpaplanong pangwika ng ating bansa. Sa isang banda, may ilang mga dalubwika na naniniwalang intelektuwalisado na ang wikang Filipino ngunit may mga nagsasabing hindi pa dahil ang indikaytor para masabing intelektuwal na ang isang wika ay kung nagagamit na ito sa iba’t ibang larang na umaalinsunod sa depinasyon ng intelektuwalisasyon ng proseso ng pagsasaanyong

teknikal ng mga salitang di-teknikal upang magamit ng mga tao sa iba’t ibang larang. Ganito rin ang atake sa kahulugan ng estandardisasyon, elaborasyon, at modernisasyon- ang lahat ng ito ay tumatalakay sa proseso. Sa usapin ng estandardisasyon ito ay tumutugon sa proseso ng pagsasapamantayan ng pagbaybay o ispeleng ng mga salita/leksikon upang magkaroon ng kaisahan o *uniformity*. Ito ay isang malaking kaguluhan sa ngayon lalo na sa pagsusulat ng mga aklat sa Filipino at sa pagbabago ng kurikulum partikular ang Matatag kurikulum. Ipinatutupad ng DepEd ang pagsunod sa Manwal sa Masinop na Pagsulat ni Almario (2014). Sa isang banda, may mga hindi na sumunod o hindi sinusunod ang nakasaad sa mga alituntunin ni Almario sa pagsulat dahil kung susuriing mabuti ang nakasaad sa simula ng manwal ay ito ang nakasaad: “Hindi ninanais na maging pangwakas na mga tuntunin ang nilalaman ng gabay na ito (nasa p. 2 ng Manwal sa Masinop na Pagsulat). Sa panimula ng manwal, iginiit din ni Almario ang mga sinabi ni Saussure, aniya “Wika nga noon pang 1906 ni Ferdinand de Saussure habang binubuo ang mga pangkalahatang simulain sa lingguwistika, mahirap mahuli ang bigkas ng isang “buháy na wika.” At isang malusog at umuunlad na wika ang Filipino.” Wika pa niya, “Ang bigkas sa isang salita ay ipinapasiya, hindi ng ispeleng, kundi ng kasaysayan nito.” Walang alpabeto ng alinmang wika sa mundo na perpekto ngunit bawat pagkilos tungo sa estandardisadong ispeleng ay isang pagsisikap na makatulong tungo sa higit na mabisang pag-agapay ng pagsulat sa wikang pabigkas. Higit na mapahalagahan ang bawat tuntuning ortograpiko sa gabay na ito kapag sinipat mula sa pinagdaanang kasaysayan nito kalakip ang paniwala na patuloy itong magbabago samantalang umuunlad ang pangangailangan ng madlang gumagamit ng wikang Filipino (nasa p.2 ng Manwal sa Masinop na Pagsulat). Pinalawig pa ni Almario sa huling introduksiyon ng manwal ang ganitong paliwanag (nasa p. 7): natalakay sa 2013 forum ang sumusunod na mithing katangian ng ortograpiyang Filipino: (1) Ang pagbuo ng panuto ay kailangang patnubayan ng matiyagang paglingon sa kasaysayan upang masipat ang anumang tradisyon ng nagdaang paraan ng pagsulat sa wika, mula sa panahon ng baybáyin, sa panahon ng pagpapalaganap sa alpabetong

Romano, sa panahon ng abakada, at hanggang sa paggamit ng modernisadong alpabetong Filipino. (2) Kailangang ibatay ito sa mataas na modelo ng paggamit ng wika. Tinutukoy nitó ang dagdag na pagsuri sa nakasulat na panitikan upang paghugutan ng mga panutong ortograpiko bukod sa pagmamatyag sa nagaganap na pagbabago sa wikang pabigkas. Mahigpit ding kaugnay ito ng katalalakay na mithing hanguin ang tuntuning ortograpiko mula sa karanasang pangkasaysayan.

(3) Kailangang episyente ang ortograpiya o kailangang nakatutugon ito sa mga pangangailangan sa pagsulat. Ang pagdaragdag ng mga titik para sa modernisadong alpabeto ay isang maliwanag na pag-angkop ng wikang Filipino sa mga gawaing hindi na káyang tupdin ng lumang abakada. (4) Kailangang pleksible ang ortograpiya upang magampanan ang lumalawak (pambansa) na gamit ng wikang Filipino. Masisinag sa kasalukuyang gabay ang pagsisikap na ipaloob ang ibang katangian ng mga wikang katutubo na wala sa batayang korpus (ang Tagalog) ng abakada. (5) Kailangang madali itong gamitin. Ang bagay na ito ang maipagmamalaki ng baybáyin at abakada. Gayunman, sa kabila ng pumasok na salimuot mula sa mga tunog ng modernisadong alpabeto ay maipagmamalaki pa rin na madaling ituro (lalo na sa paaralan) at palaganapin ang kasalukuyang gabay sa ortograpiya ng wikang Filipino. Sa inilatag na usapin sa forum na binanggit, nagkaroon naman ito ng ibayong katuparan. Datapwat, hindi maisasantabi ang mga isyung pangwika na umiral kadikit nito ang pagiging dinamiko ng wika. Ang elaborasyon ay isa pa ring proseso ng pagpapalawak ng mga leksikon ng isang wika. Lahat ng nabanggit ay bahagi ng lahat ng pagpaplanong pangwika ng isang bansa.

Ang kailangan ng wikang Filipino ay maging isang larang ng pag-aaral na magiging isang mahalagang resors na pagkukunan ng mga kaalaman, magdedebelop ng mga kakayahang pangkaisipan at magbibigay ng kapangyarihan at magpapalaya ng kaisipan ng mga mag-aaral nito. Hindi sapat na tungkol sa wika lamang ang ating ituturo bilang guro. Kailangan ang pagpapalawak at pagsasanib ng mga paksang may sosyal at kultural na kabuluhan, mga paksang magiging lunsaran sa paglinang ng higit na kritikal na mga kasanayang kognitibo tulad ng pagsusuri, sintesis,

at ebalwasyon- interdisiplinari ang tuhog. Sanayin ang mga mag-aaral sa pagpapalitang-kuro, pananaliksik, pag-uulat, pagtatanong. Inaasahan naman sa isang guro ng Filipino na may mataas na antas ng kamalayan at kaalaman sa kaniyang disiplina, may malikhain at mapaghamong *repertoire* ng mga estratehiya at teknik, replektibo, at sensitibo sa gamit ng wika, may paninindigan sa Filipino kung paano ito dapat ituro, palabasa, at may malawak na pananaw at paninindigan. Ilan sa mga estratehiya sa pagtuturo ang partisipatibo, fasilitatibo, at konsultatibo. Mag-aaral dapat ang bida- aktibong nagsasalita, nakikinig, bumabasa o sumusulat. Ginagamit ang wika sa matalino, mapanuri, at malikhaing pamaraan. Gamitin ang *content based instruction* (CBI), *cellphone*, artificial intelligence (AI), awtentikong kagamitan – tulad ng tiket sa bus, *ingredients*, magpagawa ng *content based information* gamit TikTok, bidyo - dokyu – tinutulungan nito ang mga mag-aaral na magkaroon ng KAMALAYAN at DIWA ng pakikilahok sa mga kaganapang panlipunan. Dapat ding gamitin ang Filipino sa mga iskolarling pahayag, sa pakikipagtalos, paghimok, pagsulat, dasal, aritmetik sa isip at iba pang iskolarling gawain. Ayon nga kay Otto Jospersen, “hindi paglimot sa makalumang metodolohiya ang mahalaga kundi ang positibong pahiwatig ng mga bagong pamaraan ng ating magagamit. Sa ganito, magiging kapana-panabik ang pagtuturo ng Filipino at magiging aktibong kabahagi tayo ng pagbubuklod ng ating kababayan at bansa.” Dapat bigyang-diin ang interaktibong lapit sa pagtuturo ng wika at panitikan, ang mga kasanayang nagpapakita ng mapanuring pagsasalita, diskriminatibong pakikinig, matalinong pagbasa, mabisa at malikhaing pagsulat. Dapat hikayatin ang *higher order thinking skills* (HOTS) at hindi lang sa antas ng *basic interpersonal communication* (BICS) gamitin ang Filipino kundi sa antas ng cognitive academic language proficiency (CALP). Igalang din natin ang varyasyon ng mga wika. Ang lahat ng mga ito ay madaling sabihin kaysa gawin ngunit ang mahalaga ay may layon na dapat taluntunin.

Matatas mang magsalita sa Filipino ang isang mag-aaral sa karaniwang sitwasyon kailangan pa

rin niyang pag-aralan ang wika sa akademikong talakayan. *Fallacy* o maling paniniwala na kung nais palakasin ang wikang Filipino ay gusto nating pahinain ang wikang Ingles. Hindi iyan totoo. Gusto nating palakasin ang Filipino ngunit gusto rin nating palakasin ang Ingles bilang pangalawang wika. Ang mahalaga ay ang katagang “pangalawa.” Hindi maaaring mauna ang Ingles, ani De Quiros – Sourcebook – Kapangyarihan ng Wika, Wika ng Kapangyarihan.

Kailanma’y hindi naging neutral o inosenteng larang ang wika. Ang komunikasyon ayon sa mga pilosopo ng Frankurt School ay isang larangan ng dominasyon. Ang wika ay nagsisilbing instrumento ng pagkontrol sa kamay ng mga may kapangyarihan, at instrumento naman ng pakikibagay o pag-iwas at pagtutol sa parte ng mga biktima ng kapangyarihan. “Kung gusto mong marinig ang nais sabihin ng isang Pilipino ang una mong dapat gawin ay igalang ang kaniyang wika at hayaan mo siyang mangusap sa tanging wikang kaniyang ginagamit sa pang-araw-araw. Kapag pinuwersa mo ang isang karaniwang mamamayan na makipagtalastasan sa isang wikang dayuhan na bagamat naiinitindihan niya’y hindi naman niya nasasalita, labas siyang mangmang o walang nalalaman. Subalit kung ibinalik mo sa karaniwang mamamayan ang kaniyang sariling wika, kahit pa sa diputado o pangulo ay handa siyang makipagtalalo, ani David-“Politika ng Wika, Wika ng Politika – Sourcebook. Panghuli, may *disclaimer* pa ring banggit sa bahagi ng manwal: “Hindi ninanais na maging pangwakas na mga tuntunin ang nilalaman ng gabay na ito,” ani Almario.

Sa konggreso, nagsasalita ang pangulo sa Ingles- para na rin nilang sinabi na ang karaniwang mamamayan ay hindi kasali sa bayan. Kailangan ang Ingles sa internet nang walang magbabantay o MTRCB. Ang Ingles ay hindi lang susi sa impormasyon kundi sa kapangyarihan; hindi isang paraan para makipag-usap kundi para makapaghari. Kapag sinabi ang isang bagay sa Ingles ay tila pinag-isipan ito nang malalim. Kaya siguro kinakausap natin sa Ingles ang mga aso sa paniniwalang seseryosohin tayo. Pero tandaan natin na ang Inles ay isang wika at hindi sukatan ng talino ng isang tao. Lagi nating itanim sa utak ng mga mag-aaral na “*English proficiency has nothing*

to do with intelligence.” Sa madaling sabi, ang kahusayan sa Ingles ay walang kinalaman sa katalinuhan ng isang tao. *Fluid intelligence* itong maituturing at isa sa *multiple intelligence* ni Gardner kaya hindi dapat ipagyabang o wika nga ng mga Gen Z ipang-*clout chase*. Ngunit iba naman ang kaso nito sa ibang sitwasyon. Walang gaanong dating ang Ingles kapag sinabi mo ang “*I love you*” – kumpara sa Mahal kita; “*I hate you*” sa Galit ako sa iyo; “*Very Good*” sa Magaling.

(4)Pag-usbong ng Diskurso: Ang epistemolohiyang kalikasan ng wika ay nagmumula sa ideya na ang wika ay may kakayahan na magbukas ng mga pinto sa pagsasaliksik at diskurso. Ito ay isang proseso kung saan ang wika ay ginagamit upang magkaroon ng masusing pagsusuri sa mga ideya at teorya. Pasok dito ang kakayahang komunikatibo. Iba ang diskurso ng mga nakapag-aral sa mga hindi nakapag-aral. May kaniya-kaniyang *jargon* ang mga propesyonal. Samakatuwid ang wikang Filipino sa panahon ng pandemya ay ginamit bilang diskurso sa pamamansag ng mga impormasyon ngunit ito ay hindi neutral na kasangkapan na agad na ituturing na daluyan ng kaloobang bayan sapagkat maaaring mamaniplula upang maging instrumento ng pangangahas ang wika, upang maging instrumento ng panggagahis, at upang itulak ang adyendang mapanupil. Sinasalamin ang kompleksidad ng wika lalo sa aspekto ng pagpapakahulugan. Sa halip na imulat ang mga mamamayan sa magiging danas ng pandemya, pinairal ang pananakot at pagdidisiplina bilang daloy ng panunupil. Sa isang banda, ginamit ang wikang Filipino bilang diskurso ng pagpapalaganap ng mga patakaran: Ang mga wika ng pahayagan, radyo, at telebisyon ay ginamit upang iparating ang mga patakaran at regulasyon ng mga awtoridad. Ipinabatid nito kung paano dapat mag-ingat, mag-*social distancing*, at magsagawa ng iba’t ibang hakbang para mapigilan ang pagkalat ng *virus*. At ginamit ang wikang Filipino sa pakikipag-ugnayan at pakikiramay. Sa mga panahong ito ng pisikal na pagkakabukod, ang wika ay naging tulay para sa mga tao na magpakita ng pakikiramay at magkaugnayan kahit sa malalayong lugar. Sa pamamagitan ng mga mensahe, tawag-bidyong (*video call*), at sosyal na midya (*social media*),

napanatili ang koneksiyon sa mga kaibigan at pamilya.

(5) Sosyal na Konteksto: Ang wika ay hindi lamang bunga ng indibidwal na kaisipan, kundi ito'y nabubuo rin sa isang sosyal na konteksto. Ang mga pangkat, kultura, at lipunan ay may malaking impluwensiya sa kung paano natin naiintindihan ang mga bagay-bagay gamit ang wika. Usapin ito ng sosyolek at diyalek. Naigiit ng mga *front liner* ang kanilang kahingian bilang bagong bayani sa bagong kadawyan. Ginamit ang wika upang unawain ang usaping mental lalo na sa mga onlayn na klase. Sa kontekstong pangkultura, namayagpag ang kultural na pagdanas sa retorika ng wika sa pandemiko. Tinalakay ito ni Rolando Tolentino sa kaniyang panayam sa PSLLF. Inisa-isa niya ang ilan sa mga ito. Sinaad niya ang wikang Filipino sa kontekstong kultural bilang reiterasyon, ritualisasyon, internalisasyon ng *social engineering* ng estado sa *lockdown*. Aniya, naging produksiyon ang wika bilang pamamahalang politikal bilang regulasyon ng buhay ng mga tao o mas akma ang katawagang *biopolitics* ng pandemiko. Malaki ang naging epekto nito sa usaping kultural dahil kailangang magtakip ng bibig sa pamamagitan ng pagsusuot ng *facemask*-naging malikhain ang ilan sa paggawa ng *face mask* - ginamit ang lumang *brassiere*, *napkin* na tinalian, lumang tela, lumang sando, lumang *scarf* na pamalit sa *face mask* dahil napakamahal nito sa unang bugso - isang malinaw na manipestasyong tatak Pinoy – mapamaraan. Kailangang maglayo-layo (*social distancing*) kahit walang espasyo sa loob ng bahay. Nakabuti din naman sa isang banda sapagkat nabawasan kahit papaano ang mga marites, marisa, marisol para sa mga babaeng mosang at tolits para naman sa mga lalaki. Dahil marami rin ang nawalan ng trabaho nagkaniyakaniya ng diskarte ang mga Pinoy sa paghahanap ng ayuda kaya kinilala ito bilang birtud o *virtue*. Ginamit ang internet sa pag-akses ng klaseng onlayn (*online class*), pagtitinda sa onlayn (*online selling*), pagkonsulta sa onlayn (*online consultation*), *webinars* at iba pa. Datapwat, naging masaklap ito sa lipunang Pilipino dahil nahadlangan nito ang pakikipag-ugnayang sosyal, marami rin ang nalublob sa usapin ng kaisipang pangkalusugan (*mental health issue*). Sa *spectrum* ng usaping emosyonal at pangkaisipan, ang COVID-19 ay nagdulot ng malaking takot, pag-

aalala, at *stress* sa mga tao. Maraming mga indibidwal ang nakaranas ng pagtaas ng antas ng pagkabalisa, depresyon, at iba pang mga suliraning pangkaisipan. Nagkaroon din ng mga pagbabago sa mga interaksyon sa lipunan at mga relasyon, kasama na ang pisikal na distansya at limitasyon sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Malaki ang dulot na pagbabago ng COVID-19 sa ating mga kaugalian, kultura, at pamumuhay ng mga tao. Ang mga hakbang tulad ng *social distancing*, pagsusuot ng mga maskara, at pag-iwas sa mga malalaking pagtitipon ay naging bahagi na ng pang-araw-araw na buhay. Nagkaroon din ng pagtaas ng diskriminasyon at *stigmatization* laban sa mga taong nahawaan ng *virus*.

Sa kabuuan, ang epistemolohiyang kalikasan ng wika ay nagpapakita kung paano ang wika ay higit pa sa simpleng mga titik at tunog. Ito'y isang kaparaanan ng pag-aaral kung paano natin ginagamit ang wika upang maunawaan ang mundo, magkaroon ng kaalaman, at makipag-ugnayan sa iba't ibang tao. Balikan natin ang balangkas na inilahad sa unang bahagi ng papel na ito, ang tatsulok na paradima. Sinabi sa awitin ni Bamboo na “habang may tatsulok at sila ang nasa tuktok, di matatapos itong gulo.” Habang may gumugulo sa pagsasabatas ng ating wikang pambansa, hindi matatapos ang epistemolohiyang kalikasan nito, na alam natin ang kaalamang ito ay nababahiran ng kasinungalingan at ang katotohanan dahil sa mga paniniwalang may gahum sa likod nito, kahit iba sa nais nating paniwalaan, ngunit darating ang panahon na ito ay magwawakas. Kung kailan, hindi natin alam. Ngunit manalig pa rin tayo na ang wikang Filipino ay wika ng bayan na tila bituin upang gumabay sa ating paglalakbay bilang wika ng lahat. Sa kabuuan iyan ang pakahulugan ng konseptuwal na balangkas na inilahad sa papel na ito.

Panghuling layunin ng papel na ito ay ang pagdalumat sa praksis (praxis) ng wikang Filipino bilang wikang mapagbangon sa bagong kadawyan. Praksis ang proseso ng paggamit ng teorya o isang bagay na natutuhan sa praktikal na paraan. Isa-isahin natin ang ating mga natutuhang teorya sa panahon ng pandemya na magagamit natin sa praktikal na paraan.

Ang husay ng wika ay nasa taong gumagamit nito. Talakayin natin ito sa

pamamagitan ng analohiya sa mga naganap sa batis ng kasaysayan. Bago pa man dumating ang mga Kastila mayroon na tayong sariling baybayin. Namayagpag ang matayog na kaisipan nina Rizal, Del Pilar, Jaena, Ventura, Luna, Mabini at iba pang matatapang na bayani ng ating bansa. At nang dumating ang mga Hapon, naiwagayway ang mga bernakular na wika laban sa maka-Ingles na ideolohiya. Napatunayan ito sa panahon ng pandemya. Lalo na sa larang medikal sa pamumuno ni Dr. Vergeire, dating kalihim ng DOH. Nabigyan niya ng katarungan ang paggaygay sa mga terminolohiyang medikal upang maipabatid sa publiko sa bawat araw kung ano ang *update* sa Covid na matamang binabantayan ng mga mamamayan. Ang kahusayan ni Dr. Vergeire sa paggamit ng wikang Filipino para maihatid ang impormasyon ay lubhang kahanga-hanga.

Komunikasyon bilang larang ng dominasyon. Kailanma’y hindi naging neutral o inosenteng larang ang wika. Sinabi nga ni Mandela, “*If you talk to a man in a language he understands, that goes to his head. If you talk to him in his own language, that goes to his heart.*” Marahil ay pinag-iisipan natin ngayon kung paanong inabot ng pamahalaan ang mga kababayan nating katutubo na nasa tuktok ng bundok? Naisali kaya sila sa SAP (Special Amelioration Program)? Maraming paaralan at institusyon ang nagmistulang exodus sa panahon ng pandemya ngunit nagsilbi ring instrumento bilang Genesis. Maraming nawalan ng trabaho, nag-wfh (*work from home*), nag-online selling, *online teaching*, *telemarketing* at iba pang dominasyon ng trabaho kaakibat ang dominasyon ng komunikasyon. Malungkot ang katotohanang ito na pribelihiyo sa iilan at paglimot sa iba ang naging tugon ng estado sa pandemya. At lalong tumingkad ang pagkakahating ito lalo na sa danas ng ayuda. Kung programang politikal ang pag-uusapan, dapat isaalang-alang ang tinig at danas sa ibaba sa halip na magpataw ng pormula mula sa labas o tahasang gamitin ang mga dayuhang medisina at agham na wika mula sa labas, nangangailangan ito ng matamang saliksik. Pag-iisipan natin itong mabuti: hanggang ngayon ay marami pa rin ang hindi makasunod sa *health protocol* kasama ang mismong kalagayan nila o sa madaling salita ay *material relations*. Ika nga, hindi natin uunahin ang mag-alkohol kung kahit

pansaing ay wala. Pipilitin nating maghanapbuhay kahit nagugutom ang mga mahal natin sa buhay. Marami ang di nagpapadoktor o kumukonsulta sa doktor, kahit pa may *comorbidity* dahil maaabala pa ang hanapbuhay lalo na kung ma-*quarantine* pa sila. Sa simpleng salita, ang diskurso ng pananakot at disiplina ang tila mas itinampok sa halip binigyang-pansin ang kahandaan ng mga tao sa pandemya. Isang kabalintunaan sa panahon ng krisis.

Ang wika’y may katutubong kakayahan. Ani Pineda, “Natatagpuan ng wika o naibabangon ng wika ang sarili nito kapag sumasapit ang pangangailangan.” Malaki ang naging pangangailangan sa paggamit ng ating wika sa panahon ng pandemya dahil ang layunin ay maipaalam sa mga mamamayan ang mahahalagang impormasyon. Kahit na may mga teknikal na terminolohiya at hindi lubos maunawaan ang ipinabatid sa publiko, naibabangon pa rin ang pangangailangan ng wika. Lokalisasyon ng kaalaman. Ayon sa ulat ng UNESCO noong 2020, mahalagang isaalang-alang din ang mga wika sa paggawa ng mga polisiya sa panahon ng krisis gaya ng COVID-19 sapagkat mahalaga itong sangkap sa paglalagat ng mga impormasyon at sa pagtataguyod sa mga karapatan ng mga tagapagsalita ng wikang ito. Aniya, mainam na siguraduhin na ang pagbabahagi at pagiging aksesibol ng mapagkakatiwalaang impormasyon ay inklusibo at sumasalamin sa pagpapakahulugan ng mga minorya at katutubong wika. Kung kaya’t mahalaga ang isang kritikal na pagsusuri na isinasaalang-alang ang konteksto ng iba’t ibang etnolinggwistikal na kasapi ng Pilipinas.

Sa ibang salita, sinambit ni Pineda (1996) na ang wikang Filipino, katulad ng alinmang wikang buhay, saan man at kailan man, ay umuunlad habang ginagamit. Nagaganap ito sa prosesong natural sa kusang pag-aangkin ng mga elementong pangwika. Ang pangangailangang ito’y ang paggamit nang puspusan kailan man at saan man sa anumang larang sapagkat ito ang nagdaragdag ng matipunong buhay sa wikang buhay. Ramdam nating lahat ang gampanin ng wikang Filipino ang pangunahing instrumento ngayong panahon ng pandemya. Ito ang puwersang dumadalisay sa ating pagkakaisa bilang isang lahi at bansa. Pinakamainam na halimbawa nito ang #LexiCovid List of

Uncommon Pandemic-related Words na ginawa ng UP Department of Linguistics. May dalawang yugto ang pagkakalikha ng *website*, 2020 at 2021. Kinategorya ang mga leksikon sa tatlo: (1) LexiCOVID Neologisms, (2) LexiCOVID Social Behavior, at (3) LexiCOVID words phrases. Patunay ito ng pagiging singkretismo ng ating wika, humihiram tayo ngunit pinipili at inaakma natin sa sitwasyon.

Ayon pa kay Pineda, ginagampanan ng wikang Filipino ang dalawang pangunahing tungkulin: bilang buklod ng pambansang pagkakaisa at bilang sagisag sa pambansang pagkakakilanlan. Nagsilbing buklod ang ating wika at mga wikang katutubo sa panahon ng pandemya na naging sagisag ng ating pagkakakilanlan. Alinsunod ito sa talakay ni Hornedo na may dalawang antas ng pag-unlad ng pag-iisip: (nasa papel ni Kakoi Abeleda) (1) Diwang Buhay - pagpapahayag ng damdamin, ninanasa, o hangarin at (2) Diwang Malay - pagpapahayag ng mapanimbang na pag-iisip o pagmumuni. Sumapit tayo sa panahon ng pagpapahayag ng diwang buhay hanggang diwang malay sa pagsapit ng pandemya hanggang sa kung kailan ang katapusan nito. Patunay lamang na wikang mapagbangon ang wikang Filipino. Ang bagong kadawyan bilang preparasyon sa mobilisasyon.

Bilang kongklusyon, hindi pa huli upang gumising tayo at magkusa sa bawat maliit na larangang ating kinikilusan - na ipalutang sa himpapawid ang himig ng ating pambansang wika nang walang pag-aatubili, pag-aalinlangan o pangngimi. Sa madaling salita, kung gusto nating lumaya ang ating wika, gamitin natin itong sandata tulad ng paglaban natin sa pandemya; isa itong mahalagang kasangkapan sa pagharap sa mga hamon ng pandemya. Hindi natatapos ang kahulugan ng wika sa pagpapabatid ng impormasyon at kaalaman, kundi nagiging daan ito para sa pagpapahayag ng ating damdamin, sa ating pagtutulongan, at pag-asa sa gitna ng krisis.

Bilang paglalapat, ang wikang Filipino bilang isang wikang mapagbangon ay nagdaan sa mga hamon ng kasaysayan at patuloy na lumalago. Ito ay patunay ng ating lakas, katatagan, at hindi matitinag na pagmamahal sa ating kultura at pagkakakilanlan tulad ng pakikibaka natin sa simula ng pandemya, sa

kalagitnaan, at hanggang ngayon. Maniwala tayo na sa pagkilala at pagsasabuhay sa kapangyarihan ng ating wikang pambansa, pinapahalagahan natin ang mayamang kasaysayan ng ating bansa. Patuloy tayong mag-ambag sa pangangalaga ng ating wika na nagbibigay-lakas at nag-uugnay sa atin bilang Pilipino dahil ang wikang Filipino ay wikang mapagbangon, ngayon, bukas at kailanman. Tatak Pinoy!

PAGKILALA

Ilang bahagi lamang ng papel na ito ay binasa sa pagdiriwang ng BWP ng KWF 2023; malaking bahagdan ang nawala upang umalinsunod sa kahingiang hulwaran ng dyornal. Pasasalamat sa PNU sa pahintulot na makapagbahagi ng impormasyon bilang Tagapagsalita sa KWF.

SANGGUNIAN

- Abeleda, K. 2009. Ang Wikang Filipino sa Kasalukuyan: Tungkulin at Suliranin. http://wikanatinngaun.blogspot.com/2009_07_01_archive.htmlhttp://matanglawin02.tripod.com/isyu06/pitik_filipino.htm
- Almario, V. 2014. Manwal sa Masinop na Pagsulat. Komisyon sa Wikang Filipino. Castro, N. 2020. *Ang Wika Bilang Salamin ng Kultura*. Panayam. <https://www.youtube.com/watch?v=ytjwWQ02h8Q>
- Labór, K. 2016. Isang Sariling Wikang Filipino. Mga Babasahín sa Kasaysayan ng Filipino. Sourcebook. Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining at Komisyon sa Wikang Filipino. Aklat ng Bayan.
- Pineda, P. 1997. Ang Wikang Filipino sa Information Age: Mga Panayam ni Ponciano B.P. Pineda. Pamplet sa KWF.
- Tolentino, R. 2020. *Kapangyarihan at Wika ng Kulturang Popular sa Pandemiko*. Panayam UP Department of Linguistics. #LexiCOVID. 2020. <https://linguistics.upd.edu.ph/lexicovid-the-language-of-the-pandemic/>
- Major health crises and the OED: language evolution and challenges in health communication. 2023. Nasa <https://www.youtube.com/watch?v=dPmNXSLsIA8>